Sa mga empleyado at employer

# Support fund at leave allowance para sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19

## Mga naangkop


Depende sa aktwal na bilang ng araw na nagbakasyon, 80% ng sahod bago nag-leave (pinakamataas na ang 11,000 yen bawat araw) ay babayaran sa mga nakakatugon sa sumusunod na dalawang kundisyon.

**① Mga empleyado ng maliit at medium-sized na kompanya na nag-leave mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, 2020 dahilan sa instruksyon ng employer.**

**② Sa mga hindi nabayaran ng sahod（leave allowance）sa panahon na nag-leave.**

※Para sa mga detalye, mangyaring suriin ang Q&A ukol sa allowance na naka-post sa website ng Ministry ng Health, Labour at Welfare.

## Daloy ng aplikasyon




(Note) ..

- Kung mag-aaplay ng leave allowance para sa iba' t ibang lugar ng trabaho, kailangan na pagsamasahin ang impormasyon at i-aplay ng isahan lamang. Sa panahon na nag-aplay ka para sa isang trabaho lang, ang iba pang aplikasyon ay mawawalang bisa.
- Kung hindi makukuha ang kooperasyon ng employer sa paghahanda ng dokumento sa aplikasyon, hihilingin ng prefectural bureau sa employer na mag-report base sa batas, at hindi maipapagpatuloy ang pagsusuri hanggat walang tugon. Samakatuwid, tatagal ang oras mula sa aplikasyon hanggang sa pagbabayad.
- Kung makakatanggap ng benepisyo/allowance ang empleyado dahilan sa pandaraya, maaari siyang singilin ng maximum na tatlong beses ng halaga na kanyang natanggap. Bilang karagdagan, kung sinadya at may tumulong sa pandaraya, kailangan nilang bayaran pareho ang halagang natanggap(3x sa mismomg halaga na natanggap) at ibunyag ang pangalan ng tumulong sa pandaraya.

## Para sa iba pang impormasyon

■**Para sa detalye ng sistema ng allowance, Q&A ukol sa allowance, pag-download ng application form, at iba pa ➡**
puntahan ang website ng Ministry ng Health, Labour at Welfare at tignan ang page ng "Support fund at leave allowance para sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19".
https://www.mhlw.go.jp/stf/kyugyoshienkin.html

■**Tawagan ang Ministry ng Health, Labour at Welfare call center**
Ministry ng Health, Labour at Welfare Covid-19 Leave Support Fund at Allowance
Tel: 0120-221-276　Mon. – Fri. 8:30 – 20:00 / Sat.,Sun., Holidays 8:30 – 17:15

Ministry ng Health, Labour at Welfare・Prefectural Labour Bureaus